# VM Joy B, best public servant

Muling tumanggap ng bagong parangal si Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte bilang best public servant.

Si Belmonte ay binigyang pagkilala ng NCRPO Press Club sa kanyang mga kontribusyon para sa mga proyektong pangkawanggawa at walang humpay na pagtulong sa lahat ng mga proyekto at gawain ng samahan na nagresulta sa tagumpay ng mga adbokasiya nito.

Pinuri rin ng mga miyembro ng media ang pagsisikap ni Belmonte na palakasin ang suporta sa mga pulis, mga media practitioner at iba pang organisasyon sa diwa ng serbisyo, pagkakaisa, at kooperasyon.

"I am very grateful to have been given such a prestigious citation by the members of the media,I am happy to support the club's activities not only in upholding freedom of expression but also in extending help to the larger society", sabi ni Belmonte

"I'm a firm believer in establishing linkages in the community among the police, local government, private sector, and civil society groups to improve peace and order, and the press is an important part of that community," dagdag ni Belmonte.



**QC Vice Mayor Joy Belmonte**

Bilang pinuno ng Quezon City Anti-Drug Advisory Council (QCADAAC), pinangangasiwaan ni Belmonte ang kampanya kontra droga ng lokal na pamahalaan kasama ang kapulisan, mga barangay, religious group at pribadong sektor. (*Angie dela Cruz*